**Magasin ng mga mainit pang impormasyon sa Fukushima**

# Heartful Fukushima

**Hiwalay na pahayagan**

## Fukushima Disaster Volunteer Center Newsletter

**Unang labas** Abril 26, 2011 nilathala

**Tungkol sa magasin ng impormasyon na ito**

Ang mga impormasyon tungkol sa mga ginagawa sa pag-ayos muli ng mga lugar na napinsala ng sakuna at mga aktibidad ng mga samahan ng mga boluntaryo para sa sakuna upang matulungan ang mga taong napinsala, ang mga impormasyon at mga programa na makakatulong kaagad ay ipaaabot sa lahat. Kung kayo ay may nais ipaalam na palagay o kuro-kuro, iparating lamang sa sumusunod.

Tagalathala:Fukushima Prefecture Council of Social Welfare
Fukushima Disaster Volunteer Center
111 Watari Aza Nanashamiya, Fukushima City 960-8141
Fukushima General Social Welfare Center, 1F
**Tel: 024-522-6540** Fax: 024-523-4477

**Inumpisahan na ang paglabas ng Fukushima Disaster Volunteer Center Newsletter!**

**Ipapamigay sa mga Disaster Volunteer Centers sa loob ng perepaktura. [Maglalabas ng mga isang lathala linggu-linggo]**



Hindi pa ako nakakita ng ganitong senaryo.
Wala akong magawa, natigilan na lamang ako na tinitignan ang mga nangyayari.
May naramdaman ako at ng tumingin ako sa tabi naroroon
ang mga taong nagsasagawa ng paghahanap.
Ipinagsama ko ang mga palad ng aking kamay na parang nagdadasal at tumungo bago
umapak papasok sa lugar.
Sila ay gumagawa na buo ang pagkakaintindi sa kahalagahan
ng mga alaala at kayamanan sa karamihang mga bagay na parang mga basura kung tignan.
Ganoon din ang mga bokuntaryo…ngunit mula sa araw na iyon,
ang oras ay lumilipas, natutuyo ang lupa,
sa gitna ng buhangin na lumilupad sa hangin,
alam ng lahat na napakahalaga ng mahirap na gawain na kanilang isinasagawa.
Habang nakikihalubilo sa maraming tao at mga napinsala sa sakuna,
nais naming iparating ang nasa aming kalooban na "kami ay kasama ninyo"
sa paraan ng paggawa ng mga aktibidad upang makatulong.

## Ulat ng boluntaryo

### [Alagad ng paghahanap ng mga alaala Omoide sagashi tai]



Ang [Alagad ng paghahanap ng mga alaala Omoide sagashi tai] ay isa sa mga aktibidad na pagtutulungan sa pagtulong sa mga mamamayan ng bayan. Ang mga iba't-ibang bagay tulad ng mga album ng litrato at landsel (bag na ginagamit ng mga bata sa paaralan), na nakolekta ng mga bombero at mga sundalo ay nililinis at hinihilera ayon sa uri ng mga tauhan ng pamahalaan, ng mga mamamayan at ng mga boluntaryo mula sa mga kompanya. May panahon na ang tubig ay napakalamig kaya napakahirap ngunit kung iisipin ang mga tao na nawala ang lahat ng gamit dahil sa tsunami, tinutuloy pa rin ang aktibidad dahil [kahit na mga alaala man lamang ay nais ibalik]. Sa bodega, umaabot ng mga 60 na mga biktima ng sakunang mga tao ang dumarating sa isang araw, upang maghanap ng kanilang mga alaala. (Abril 13, 2011 Bayan ng Shinchi)



## Ano ang Fukushima Disaster Volunteer Liason Council



Ang kalagayan ng Fukushima Disaster Volunteer Center






**Ang Fukushima Disaster Volunteer Center ay itinatag sa unang palapag ng Fukushima General Social Service Center ayon sa buod ng pagtatag ng Fukushima Disaster Volunteer Liason Council 1).**

**Ginagawa sa mga Disaster Volunteer Center ang pakikitugunan sa iba't-ibang mga samahan upang maging mabilis at madali ang mga pagsusuportang ginagawa sa mga napinsala ng sakuna.**

**Ang mga unahin ginagawa ay ang tulad ng pagtatag ng mga Disaster Volunteer Center sa mga bayan at ang pagtulong sa mga ginagawa dito, ang pagkuha ng mga materyales na kailangan sa pagpatayo ng mga gusali, pagtipon ng mga taong nais maging boluntaryo, tumutulong upang matiwasay na makapamuhay ang mga mamamayan sa mga napinsalang lugar sa lalong madaling panahon.**

**Noong Abril 20, naitatag na mga Disaster Volunteer Center sa 31 mga bayan sa loob ng perepaktura.**

ng bumubuong mga samahan sa liason council ay 7 mga samahan na ang Fukushima Branch ng Japanese Red Cross Society, ang Fukushima Ward Council on Social Welfare, ang Fukushima Branch ng Japan Amateur Radio League, and Tohoku Region Fukushima Block Council ng Junior Chamber International Japan, Heart-Net Fukushima, ang Fukushima Community Chest Movement, at 3 departamento ng pamahalaan ng perepaktura ng Fukushima, ang namamahala sa tanggapan ay ang Fukushima Ward Council on Social Welfare.

**Disaster Volunteer Center ng mga bayan MAPA**




## ★ Fukushima Disaster Volunteer Center ……Tel: 024-522-6540

| Lugar | No. | Center |
|---|---|---|
| Hilagang parte ng perepaktura | 1 | Fukushima City Disaster Volunteer Center |
| | 2 | Nihonmatsu City Disaster Volunteer Center |
| | 3 | Tate City Disaster Volunteer Center |
| | 4 | Motomiya City Disaster Volunteer Center |
| | 5 | Kori Town Disaster Volunteer Center |
| | 6 | Kunimi Town Disaster Volunteer Center |
| | 7 | Otama Village Disaster Volunteer Center |
| | 8 | Koriyama City Disaster Volunteer Center |
| Gitnang parte ng perepaktura | 9 | Sukagawa City Disaster Volunteer Center |
| | 10 | Tamura City Disaster Volunteer Center |
| | 11 | Kagami-ishi Town Disaster Volunteer Center |
| | 12 | Tamakawa Village Disaster Volunteer Center |
| | 13 | Hirata Village Disaster Volunteer Center |
| | 14 | Ono Town Disaster Volunteer Center |
| Timog na parte ng perepaktura | 15 | Shirakawa City Disaster Volunteer Center |
| | 16 | Nishigo Village Disaster Volunteer Center |
| | 17 | Yabuki Town Disaster Volunteer Center |
| Aizu | 18 | Aizu-Wakamatsu City Disaster Volunteer Center |
| | 19 | Kitakata City Disaster Volunteer Center |
| | 20 | Kita-Aizu Town Disaster Volunteer Center |
| | 21 | Bandai Town Disaster Volunteer Center |
| | 22 | Inawashiro Town Disaster Volunteer Center |
| | 23 | Aizu-Bange Town Disaster Volunteer Center |
| | 24 | Showa Village Disaster Volunteer Center |
| Aizu | 25 | Aizu-Misato Town Disaster Volunteer Center |
| Timog-Aizu | 26 | Shimogo Town Disaster Volunteer Center |
| Sousou | 27 | Shinchi Town Disaster Volunteer Center |
| | 28 | Soma City Disaster Volunteer Center |
| | 29 | Minami-Soma City Disaster Volunteer Center(Kashima Ward) |
| | 30 | Minami-Soma Disaster Volunteer Center (Hara-machi Ward) |
| Iwaki | 31 | Iwaki City Disaster Volunteer Center |